Mga kondisyon ng matatanda

Postpartum Hair Loss (Paglalagas ng buhok matapos manganak)

Mga Mahalagang Bagay

- **Ang postpartum hair loss (paglalagas ng buhok matapos manganak) ay hindi permanenteng pagkawala ng buhok**
- **Karaniwan humigit-kumulang na 100,000 mga buhok ang tumutubo sa anit at kadalasan 50-200 mga buhok ang nalalagas sa bawa't araw**
- **Ang nadagdagang antas ng hormone sa panahon ng pagbubuntis ay nagbibigay daan sa mga buhok sa anit na tumubo nang higit sa karaniwan**
- **Matapos ang panganganak ang antas ng hormone ay bumabalik sa karaniwan at pagkaraan ng dalawa hanggang tatlong buwan nadadagdagan ang paglalagas ng buhok na tumatagal nang dalawa hanggang tatlong buwan**
- **Ang pagtubo ng buhok ay babalik sa karaniwan pagkaraan ng tatlo hanggang anim na buwan na magsimulang maglagas ang buhok.**
- **Ang paglalagas ng buhok matapos manganak ay maaaring mangyari sa bawa't pagbubuntis**

Ano ito?

Maraming kababaihan ay makakapuna ng pagkalagas ng buhok matapos ang pagbubuntis. Ang mga hormone na nadadagdagan sa panahon ng pagbubuntis ay nagbibigay daan sa mga pagbabago sa balat at maraming pang mga bahagi ng katawan. Nagbibigay-daan ito na malagay ang lahat ng mga buhok sa anit sa yugto ng pagtubo ng siklo ng buhok. Nangangahulugan ito na maraming kababaihan ang makakapuna na parang tumutubo nang mas makapal ang kanilang buhok sa panahon ng pagbubuntis.

Matapos ang pagsilang ng sanggol karamihan sa mga buhok ay tumitigil ng pagtubo at lumilipat sa yugto ng pamamahinga kung saan ang mga ito ay nananatili sa loob ng dalawa o tatlong buwan. Kapag muling nagsimula ang siklo ng buhok, ang mga buhok ay bumabalik sa yugto ng pagtubo at lahat ng mga lumang buhok ay nalalagas nang agad-agad. Ang dami ng pagkalagas ay magkakaiba sa pagitan ng mga tao na may ilang mga kababaihan ang makakapuna ng pagkalagas ng buhok nang higit sa iba. Kung mayroon ng tendensiyang makamana ng pagnipis ng buhok sa pamilya, ang pagkalagas ng buhok ay maaaring higit na kapuna-puna matapos magsilang ng bata.

Ang pagkalagas ng buhok matapos manganak ay kadalasang tumatagal nang dalawa o tatlong buwan at pagkatapos ay muling tumutubo ang mga buhok. Sa karamihang kababaihan, ang buhok ay bumabalik sa kalagayan nito bago magbuntis.

Paano ito ginagamot?

Walang kinakailangang paggamot para sa pagkalagas ng buhok matapos manganak. Ito ay pansamantalang pagbabago lamang sa siklo ng pagtubo ng buhok dahilan sa mga pagbabago ng hormone sa panahon ng pagbubuntis.

Sa sobrang paggamit ng brush madaling malalagas ang mga buhok at mapapabilis ang pagkalagas nito na maaari sanang abutin nang dalawa o tatlong buwan upang malagas. Hindi nito masisira ang buhok sa anumang paraan kung mangyari ito. Walang anumang magagawa ang pag-inom ng mga bitamina o paggamit ng mga gamot na pampahid sa anit. Ang ilang mga kababaihan ay nakakapuna na ang pagkalagas ng buhok matapos manganak ay nangyayari pagkatapos ng bawa't pagbubuntis.

Para sa karagdagang impormasyon kontakin ang

Inyong Nars para sa Kalusugang Pang-ina at Pambata.
Inyong pampamilyang doktor.
Inyong dalubhasa sa pagpapaanak.

© 2002, Department of Dermatology, St. Vincent's Hospital Melbourne, Victoria Parade, Fitzroy, Victoria 3065 Australia.